



PC 2021-0024: MODIFICATION ON THE MINIMUM LENGTH OF STAY (LOS) IN PHILHEALTH ACCREDITED COMMUNITY ISOLATION UNITS (CIU)

Tamang Sagot

1. **Kung ako ba ay na-admit sa isang CIU at napabuti ang kalagayan ko ng mas maaga sa itinakdang 10-days, maaari na ba akong pauwiin o kinakailangan ko pang tapusin ang 10 days?**

Kinakailangan pa ring tapusin ang 10 araw na quarantine o manatili ng higit pa sa CIU ayon sa payo ng doctor

2. **Magkano ang benepisyong nakapaloob sa CCIBP? Anuanong mga serbisyo ang ibibigay ng Community Isolation Units?**

Ang benepisyong ay nagkakahalaga ng Php22,449.00. Ang mga serbisyo dapat maibigay na naayon sa panuntunan ng DOH ay ang mga sumusunod:

- Pagka-quarantine na hindi bababa sa sampung (10) na araw
- Boarding, pagkain at indibidwal na hygiene kit
- Impormasyon at Edukasyon tungkol sa respiratory etiquette at self-monitoring
- Pagsubaybay ng Health Care Professional
- Angkop na gamot
- Diagnostic test at imaging
- Oxygen support
- Paggamit ng transportasyon para madala sa mas mataas na antas na pasilidad kung kinakailangan.

3. **Kelan epektibo ang Circular na ito?**

Ito ay epektibo sa mga admisyon sa CIUs simula ng June 21, 2021.